

Mga Gabay para sa Co-payment (Kabahagi sa Babayaran) sa Excel After School Program

Ano ang mga buwanang singil para sa co-payment?

- Hindi na pababayaran ang buwanang co-payment sa pamilya na may anak na nasa programa kung homeless (walang tahanan) na kabataan ito, o batang nasa foster care (pangangalaga ng estado).
- Hindi na pababayaran ang buwanang co-payment sa pamilyang kuwalipikado para sa Libre o Murang tanghalian, maliban na lamang kung itinatakda ang mga co-payment ng lokal, pang-estado, o pederal na programa para sa tulong sa matrikula.
- Ang pamilyang hindi kuwalipikado para sa libre/murang tanghalian ay magbabayad ng co-payment batay sa kakayanan (sliding scale) at may halaga ito na mula \$50 hanggang \$500 kada buwan.

Kabataang nasa pangangalaga ng estado o kabataang homeless ang aking anak, paano ako makapag-aaplay para sa pagkakaroon ng prayoridad sa pagpapa-enroll at sa pagwawaksi o waiver ng kailangang bayaran?

Batay sa impormasyong isinumite ninyo sa pakete para sa pagpaparehistro (registration package), magdedeisyong ang mga kawani mula sa ExCEL CBO/agency kung kuwalipikado siya para sa pagkakaroon ng prayoridad sa pagpapa-enroll. Pahihitulan ng pagpaparehistro ang pamilya na sila mismo ang magpatunay na kabataang foster o homeless ang kanilang anak. Nakabatay ang alok ng pagkakaroon ng prayoridad sa pagpapa-enroll sa makukuhang puwesto sa programa. Hindi kailangang tanggalin sa pagkaka-enroll ang kasalukuyan nang kalahok para makapag-enroll ang kalahok na may prayoridad sa pagpapa-enroll. Kung walang makukuhang puwesto, puwedeng ilagay ang inyong anak sa waitlist (listahan ng mga naghihintay makapasok) para sa susunod na makukuhang puwesto.

Sino ang magdedeisyong kung makakuha ako ng waiver sa dapat bayaran o sa halaga ng aking co-payment?

Ang mga kawani mula sa ExCEL CBO/agency ang magdedeisyong ukol sa halaga ng inyong co-payment o waiver ng ExCEL fee. Nakabatay ang pagiging kuwalipikado para sa ExCEL, o iba pang pampubliko o pribadong programa para sa tulong sa matrikula (tuition subsidy) sa impormasyong ipinagkakaloob ninyo sa pakete para sa pagpaparehistro. Hihilingin sa inyong magbigay ng dokumentasyon sa ahensiya na nagtitiyak sa katayuan ng inyong pagiging kuwalipikado para sa Libre o Murang tanghalian, o sa kita ng inyong pamilya.

Paano ako makakuha ng dokumentasyon ng pagiging kuwalipikado para sa libre o murang tanghalian?

Mayroong TATLONG paraan para makuha ang inyong dokumentasyon:

1. Pinakamabilis at pinakamadaling paraan ang pagkumpleto sa Form na may Iba't ibang Gamit ng SFUSD Ukol sa Kita ng Pamilya (SFUSD Multipurpose Family Income Form, MFIF) para gumawa ng account online sa SchoolCafe.com at makumpleto ang Multipurpose Family Income form (MFIF).
 - Puwedeng maisumite ang MFIF sa anumang panahon sa akademikong taon. Napagdedeisyunan ang pagiging kuwalipikado ng pamilya para sa Libre o Murang tanghalian sa loob ng 5 hanggang 7 araw ng pagpasok. Padadalhan kayo ng email ukol sa inyong pagiging kuwalipikado para sa Libre o Murang tanghalian.
 - Kapag natanggap na ninyo ang abisong email, puwede na ninyong i-print ang sulat ukol sa pagiging kuwalipikado (eligibility letter) sa pamamagitan ng pagla-log-in sa inyong account sa SchoolCafe.com at pagbibigay ng sulat na ito sa ExCEL agency sa paaralan ng inyong anak.
2. Puwede rin kayong makakuha ng papel na kopya ng MIFF sa opisina ng paaralan o sa Mga Serbisyo para sa Nutrisyon ng mga Mag-aaral (Student Nutrition Services, 841 Ellis Street). Gusto naming malaman ninyo na posibleng abutin nang 10 hanggang 15 araw ng pagpasok ang pagpoproseso. Kapag naproseso na ang MFIF, magpapadala ng sulat ukol sa katayuan ng inyong pagiging kuwalipikado sa bahay ninyo sa pamamagitan ng US Mail o koreo.
 - Kapag napagdedeisyunan na kuwalipikado kayo para sa libre/murang tanghalian, puwede kayong magbigay ng kopya ng sulat sa ExCEL agency sa paaralan ng inyong anak.
3. Puwede kayong magbigay ng kopya ng Liham ukol sa Direktang Pagpapatunay (Direct Certification Letter) sa ExCEL agency sa paaralan ng inyong anak. Ipinadadala ang sulat na ito sa inyong bahay sa pamamagitan ng US mail o koreo (Tingnan ang halimbawang sulat).
 - Kung hindi ninyo mahanap ang kopya ng inyong sulat, mangyaring magpadala ng email sa schoollunch@sfusd.edu. Kailangang ganito ang nakasulat sa subject line (linya ukol sa nilalaman) ng email: Request for a copy of the Notification of Eligibility or Direct Certification Letter (Paghiling ng kopya ng Abiso ng Pagiging Kuwalipikado o Liham ukol sa Direktang Pagpapatunay)
 - Sa email, isama ang buong pangalan ng inyong (mga) estudyante, address ng tahanan, at inyong relasyon sa estudyante. Pakitandaan na kailangang Magulang o Tagapatnubay ang gumawa ng paghiling na ito.
 - Ipoproseso ang mga kahilingan sa pamamagitan ng email sa loob ng 10-15 araw ng pagpasok.

Mga Gabay para sa Co-payment (Kabahagi sa Babayaran) sa Excel After School Program

May paraan ba para malaman kung posibleng kuwalipikado ako para sa libre o murang tanghalian?

Tingnan ang table o talahanayan na nasa ibaba. Kung mas mababa ang kabuuang kita ng inyong kabahayan (total household income) mula sa LAHAT ng pinagkakakitaan kaysa sa halaga na nasa table para sa laki ng inyong kabahayan, posibleng kuwalipikado kayo para sa Libre o Murang tanghalian. Gayon pa man, kailangang kumpletuhin ninyong ang form na MFIF sa SchoolCafe.com para mapagdesisyunan kung kuwalipikado kayo. Kung kuwalipikado kayo, makatatanggap kayo ng sulat na nagsasabing kuwalipikado kayo (eligibility letter) para maibigay ninyo ito sa ExCEL agency sa paaralan ng inyong anak.

Bilugan ang laki ng inyong kabahayan	Batay sa laki ng inyong kabahayan, bilugan ang halaga ng kita sa ibaba na KATUMBAS o MAS MABABA kaysa sa kabuuang kita ng kabahayan mula sa LAHAT ng pinagkakakitaan				
	Kabuuang Kita ng Kabahayan mula sa LAHAT NG Pinagkakakitaan				
Ang Laki ng Inyong Kabahayan	Taunan	Buwanan	Dalawang Beses sa Isang Buwan	Tuwing Makalawang Linggo	Lingguhan
2 miyembro ng pamilya	\$30,044.00	\$2,504	\$1,252	\$1,156	\$578
3 miyembro ng pamilya	\$37,777.00	\$3,149	\$1,575	\$1,453	\$727
4 miyembro ng pamilya	\$45,500.00	\$3,793	\$1,897	\$1,751	\$876
5 miyembro ng pamilya	\$53,243.00	\$4,437	\$2,219	\$2,048	\$1,024
6 miyembro ng pamilya	\$60,976.00	\$5,082	\$2,541	\$2,346	\$1,173
7 miyembro ng pamilya	\$68,709.00	\$5,726	\$2,863	\$2,643	\$1,322
8 miyembro ng pamilya	\$76,442.00	\$6,371	\$3,186	\$3,941	\$1,471

Ano-ano ang mga polisiya para sa co-payment?

- Posibleng magtakda ng taunang bayad para sa pagpaparehistro o aplikasyon kung saan hindi na ito masasauli (non-refundable) at nakabatay sa kita (sliding scale) ang Pangunahing Ahensiya (Lead Agency) ng ExCEL After School Program. Kailangang bayaran ang singil na ito para sa pag-aaplay (application fee) sa Pangunahing Ahensiya (Lead Agency) sa paaralan kung saan pumapasok ang inyong (mga) anak at kailangang maisumite ito kasama ng aplikasyon para sa bawat bata na gustong ninyong ipa-enroll. Para sa lahat ng pamilya ang bayad para sa pagpaparehistro (registration fee) o aplikasyon. Walang pamilyang tatanggihan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad ng registration fee.
- Nakabatay ang buwanang co-payment sa taunang halaga, na pantay na hinahati-hati sa mga buwanang co-payment. Hindi nakabatay ang halaga ng buwanang co-payment sa mga araw ng serbisyo sa buwanang iyon (na nag-iiba-iba batay sa kalendaryo at mga pista opisyal, pumapasok man o hindi ang estudyante sa bawat araw)
- Kung nasa kalagitnaan ng buwan ang petsa ng pagpasok o pag-alis sa pagkaka-enroll, pro-rated o nakabatay sa aktuwal na mga araw ang halagang babayaran.
- Bibigyan ang mga magulang ng abisong 30 araw para sa anumang pagtaas ng bayad sa matrikula.
- Itinatagda sa mga pamilya na ipagbigay-alam sa ExCEL After School Program na pinapasukan nila ang anumang pagbabago sa address o impormasyon sa pagkontak sa loob ng 10 araw.

Puwede ko bang tanggalin ang anak ko mula sa programa?

Oo. Kung gusto ninyong tanggalin ang inyong anak mula sa programa, kinakailangan ng tatlong (30) araw na nakasulat na abiso bago ang pag-alis ng inyong anak sa programa. Sisingilin kayo ng matrikula para sa isang buwan kasunod ng inyong nakasulat na abiso.

Paano posibleng mawala sa aking anak ang mga serbisyo ng programang after school?

Posibleng humantong sa pagtatapos ng mga serbisyo ang hindi pagtupad sa mga itinatagda ng kasunduan sa pamilya kapag:

1. Mahigit isang buwan nang hindi nababayaran ang mga singil.
2. Tatlong (3) nahuli na pagsundo. Kailangang sunduin ang mga bata nang hindi lalampas sa oras ng pagtatapos ng programa sa espesipikong paaralan na pinapasukan ng kanilang (mga) anak. Bibigyan ang mga pamilyang hindi susunod sa oras ng pagsundo ng (2) nakasulat na babala. Hahantong ang ika-3 huling pagsundo sa loob ng piskal na taon (Hulyo 1-Hunyo 20) sa pagtatapos ng mga serbisyo.
3. Bibigyan ang pamilya ng nakasulat na 14-araw na abiso kung kuwalipikado sila para sa "pagtatapos ng mga serbisyo (termination of services)."

Mga Gabay para sa Co-payment (Kabahagi sa Babayaran) sa Excel After School Program

Halimbawang Liham ukol sa Direktang Pagpapatunay (Direct Certification Letter)

Liham ukol sa Direktang Pagpapatunay para sa Libre o Murang Pagkain para sa Akademikong Taon 2017-2018

<Petsa>

Mahal na Magulang/Tagapatnubay ni:

«LN» «FN» («SID»)

<address>

<city> <state> <zip>

Mahal na Magulang o Tagapatnubay,

Ang inyong mag-aaral, <FN> <LN>, Student Id <SID>, Student Pin # <PIN #> ay awtomatiko nang kuwalipikado na makatanggap ng libre o murang pagkain para sa kasalukuyang akademikong taon batay sa kita ng kabahayan, at napagdesisyonan ito sa pamamagitan ng programa para sa pampublikong tulong.

May bisa: Agosto 22, 2017 hanggang Hunyo 30, 2018, kuwalipikado ang estudyanteng ito para sa: LIBRE

Kapag hindi kayo nakatanggap ng sulat para sa magkakapatid na nakatira sa iisang kabahayan at naka-enroll din sa mga Paaralan ng SFUSD, o kung hindi kayo sumasang-ayon sa abisong ito o kung inaakalay ninyong kuwalipikado ang inyong kabahayan para sa libreng pagkain batay sa laki at kita ng inyong kabahayan, pakikontak ang Mga Serbisyo para sa Nutrisyon ng mga Mag-aaral (Student Nutrition Services) sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 749-3604 o sa pag-e-email sa SchoolLunch@sfusd.edu.

TANDAAN: Kung kuwalipikado ang inyong estudyante para sa libre o murang pagkain, posibleng kuwalipikado rin siya para sa iba pang benepisyo sa mga programa ng paaralan, tulad ng: Hindi na pagbabayad para sa Programang Excel After School, Kinder 2 College, SAT na Aplikasyon sa Kolehiyo (College Application)

Para maprotektahan ang pagiging kumpidensiyal ng inyong mga benepisyo para sa pagiging kuwalipikado sa pagkain, hindi namin puwedeng ibahagi ang sulat na nagbibigay-abiso sa inyo sa iba pang programa. Gayon pa man, puwede KAYONG gumawa ng kopya ng sulat na ito at ibigay ang mga kopya sa iba pang programa sa inyong pampaaralang komunidad. **Pakitago ang sulat na ito kasama ng inyong mahahalagang dokumento.**

Makatatanggap ang inyong estudyante ng libreng pagkain sa kabuuan ng akademikong taon na ito. Hindi na ninyo kailangang mag-aplay para sa mga benepisyo sa pagkain para sa estudyanteng ito. Taon-taon, hihilingin sa inyo ng paaralan ng inyong estudyante na magsumite ng form para sa libre o murang pagkain. Ipakita ang sulat na ito sa paaralan kapag hiniling nila sa inyong magsumite ng form. Pakitago ang sulat na ito para sa inyong mga rekord bilang patunay ng pagiging kuwalipikado ng inyong estudyante para sa pagkain. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa desisyong ito, pakitawagan ang (415) 749-3604.

Sumasainyo,
Mga Serbisyo para sa Nutrisyon ng mga Mag-aaral (Student Nutrition Services)